# Suriin ang iyong credit report kahit isang beses kada taon

## Makabubuti na suriin ang iyong credit report kahit isang beses kada taon.

Puwede kang makatanggap ng mga libreng kopya ng iyong mga credit report kada 12 buwan mula sa annualcreditreport.com (sa Ingles). Ito ang tanging awtorisadong online na mapagkukunan sa ilalim ng pederal na batas na nagbibigay ng mga libreng credit report mula sa tatlong pambansang kompanya sa pag-uulat ng credit– Equifax, Experian, at TransUnion.

Nagbibigay ang Equifax ng anim na karagdagang libreng credit report kada 12 buwan, hanggang December 31, 2026. Kapag bumisita ka sa site, makakakita ka ng mga hakbang para mas madalas na tingnan ang mga na-update ng ulat online. Nagbibigay ito sa iyo ng mas magandang kakayahan para bantayan ang mga pagbabago sa iyong credit.

Baka hilingin sa iyo ng iba pang website na nangangako ng mga libreng credit report na mag-sign up para sa “mga libreng pagsubok” na sa kalaunan ay sisingilin ka o susubukan kang bentahan ng iba pang produkto o serbisyo na baka hindi mo kailangan.

## Maunawaan ang iyong credit report:

- Tiyakin na tama at na-update ang iyong impormasyon
- Maghanap ng anumang kamalian
- Tiyakin na naglalaman lang ang iyong ulat ng impormasyon tungkol sa iyo, para protektahan ang iyong sarili laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan
- Ayusin ang anumang mali na makikita mo.

Puwedeng maging mas mahal ang pangungutang o pigilan kang makakuha ng credit ng mga mali sa iyong mga credit report, o makaranas ng panloloko na dulot ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

## Kabilang sa mga karaniwang mali sa credit report:

- Mga account ng loan at credit na hindi mo kailanman binuksan
- Maling baybay ng pangalan, maling Social Security number, maling address, o numero ng telepono
- Mga account na maling nailista bilang nahuli, maling balanse, maling limitasyon ng credit, isinarang account na inilista bilang bukas, maling petsa ng pagiging delinquent, o account na nakalita nang higit sa isang beses
- Mga account na maling nailista bilang “nakapagbabayad sa takdang petsa” kapag ang mga pagbabayad ay makakatanggap ng tulong sa panahon ng pandemyang COVID-19

## Tutulan ang mga maling nakita mo

Kabilang sa iyong credit report ang impormasyon tungkol sa kung paano magtutol ng mali. Karaniwan,

dapat kang magpadala ng sulat ng pagtutol sa kompanya sa pag-uulat ng credit at sa kompanya na pinagmulan, o "nagkaloob", ng impormasyon (halimbawa, ang kompanya ng iyong credit card).

Dapat malinaw na ipaliwanag ng iyong pagtutol kung ano sa palagay mo ang mali at kung bakit. Sabihin ang mga impormasyon, ipaliwanag kung bakit mo tinututol ang impormasyon, at hilingin na itama ito.

Sa iyong sulat ng pagtutol, baka gusto mong ilakip ang kopya ng kaugnay na bahagi ng iyong credit report. I-highlight ang mga bagay na pinagdududahan.

Ilakip din ang mga kopya ng mga dokumento na sumusuporta sa iyong pagtutol. Huwag ipadala ang mga orihinal mong dokumento. Magtago ng mga kopya ng iyong mga sulat ng pagtutol at mga kalakip.

Dapat imbestigahan ang pagtutol at itama ang anumang mali ng kompanya sa pag-uulat ng credit at ng pinagmulan nito. Kung mali ang tinututol na impormasyon o hindi ma-verify, dapat itong tanggalin o palitan ng kompanya na nagbigay ng impormasyon at magbigay ng pagtatama sa mga kompanya sa pag-uulat ng credit na nakatanggap nito. Kung hindi naresolba ng isang imbestigasyon ang iyong na-file na pagtutol sa isang kompanyasa pag-uulat ng konsumer, puwede mong hilingin na isama sa iyong file ng credit at mga credit report sa hinaharap ang pahayag ng pagtutol.

## Hindi mo kailangang magbayad para sa pagsubaybay ng credit

Maraming kompanya na nangangako ng mga libreng credit report ang gustong mag-sign up ka para sa mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit o iba pang produkto. Puwede mong kunin ang mga libre o murang hakbang na ito para protektahan ang iyong sarili.

Kung mayroon kang mga reklamo o alalahanin tungkol sa serbisyo sa pagsubaybay ng credit, makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission, 877-FTC-HELP.

### Ikaw mismo ang sumubaybay sa iyong credit

Sa ilalim ng batas, may karapatan ka sa isang libreng credit report kada 12 buwan mula sa bawat isa sa mga pambansang kompanya sa pag-uulat ng credit. Puwede mong makuha ang mga ulat na ito nang sabay-sabay, o paisa-isa. Halimbawa, puwede kang bumisita sa annualcreditreport.com sa January para makuha ang iyong ulat mula sa Experian, sa April para makuha ang iyong ulat mula sa Equifax, at sa August para makuha ang iyong ulat mula sa TransUnion. Sa pamamagitan ng ganitong paghiling, mababantayan mo nang libre sa buong taon ang mga record ng credit mo.

### Pigilan ang mga magnanakaw ng pagkakakilanlan

Hindi mo kailangang magbayad para sa serbisyo ng pagsubaybay ng credit para pigilan ang mga magnanakaw sa pagbubukas ng mga account gamit ang iyong impormasyon. Makipag-ugnayan sa Equifax, Experian, at TransUnion at hilingin sa kanila na i-freeze ang iyong mga credit report Pinipigilan ng isang freeze ang mga posibleng nagpapautang na ma-access ang iyong file ng credit maliban kung alisin mo ang pag-freeze para sa nagpapautang na iyon o sa loob ng isang natukoy na panahon. Karaniwan, hindi ka aalukin ng mga nagpapautang ng credit kung hindi nila ma-access ang iyong file sa pag-uulat ng credit, kaya pinipigilan ka ng pag-freeze o ng iba pa mula sa pagbubukas ng mga account gamit ang pangalan mo. Libre ang mga pag-freeze.

## Humiling ng alerto sa panloloko

Kung naniniwala ka na nabiktima ka o magiging biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko, puwede kang maglagay ng alerto sa panloloko sa iyong credit report. Hinihingi ng alerto sa panloloko sa mga nagpapautang na magsagawa ng mga hakbang para ma-verify ang iyong pagkakakilanlan bago magbukas ng bagong account batay sa iyong kahilingan, o magkaloob ng karagdagang credit card o taasan ang pinakamataas na antas ng credit sa isang kasalukuyang account. Puwede ka ring magbigay ng numero ng telepono para matawagan ka ng mga nagpapautang para ma-verify ang iyong pangkakakilanlan (hindi mapipigilan ng alerto sa panloloko ang isang nagpapautang na kumuha ng credit gamit ang iyong pangalan).

**TIP:** Kung inaakala ninyo na ang kamalian sa report ninyo na kinlabasan ng identity theft [pagnakaw ng kilanlan], kailangang magsampa kayo ng pagtutuol upang iwasto ito. Para sa information ukol sa identity theft at mga hakbang na gawain kung victim kayo, maaari din dalawain ninyo ang website pang-identity-theft ng Federal Trade Commission ftc.gov/idtheft (sa Ingles)

## Mga nasa military: Pag-isipan ang alerto para sa active-duty

Kung isa kang sundalo na nasa active-duty, puwede kang maglagay ng "alerto para sa active-duty" sa iyong credit report para bawasan ang panganib ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Pinapayagan ka ng alertong ito na ipaalam sa potensyal na nagpapautang na ikaw ay nasa active-duty at baka nasa labas ng bansa, kaya hihingin sa nagpapautang na magsagawa ng mga makatuwirang hakbang para ma-verify ang iyong pagkakakilanlan bago mag-isyu ng credit gamit ang iyong pangalan. Puwede ka ring humiling ng libreng pagsubaybay ng credit mula sa Equifax, TransUnion, at Experian. Makikita ang higit pang impormasyon sa website ng CFPB sa ilalim ng "Mga credit report at score."

Kung isa kang beterano, puwedeng alisin sa iyong credit report ang ilang uri ng medikal na utang. Kailangan mong mag-file ng pagtutol sa kompanya sa pag-uulat ng credit at magbigay ng patunay na ang VA ay mananagot para sa utang o nasa proseso ng pagbabayad nito.

### Tungkol sa amin

Kinokontrol ng Kawanihan ng Pangangalaga ng Pananalapi ng Konsyumer (Consumer Financial Protection Bureau, CFPB) ang mga pag-aalok at pagbibigay ng mga produkto at serbisyong pampinansyal para sa konsyumer sa ilalim ng mga pederal na batas para sa pananalapi ng konsyumer, at binibigyan ng kaalam at kakayahan ang mga konsyumer para gumawa ng mas matalinong desisyon kaugnay ng pananalapi.

Matuto pa sa consumerfinance.gov (sa Ingles)

### Makipag-ugnayan sa amin

Magsumite ng reklamo sa consumerfinance.gov/complaint

Ibahagi ang iyong kuwento sa consumerfinance.gov/your-story

Makakuha ng mga sagot sa mga tanong tungkol sa pera sa consumerfinance.gov/askcfpb

Ibahagi ang iyong mga pananaw sa facebook.com/cfpb twitter.com/cfpb